PRESIDENTIAL COMMUNICATION OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

**PUBLIC BRIEFING #LAGING HANDA PH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR AND UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO WITH DEPARTMENT OF EDUCATION UNDERSECRETARY ANNALYN SEVILLA,**
**DEPARTMENT OF HEALTH UNDERSECRETARY MARIA ROSARIO VERGEIRE AND PRESIDENTIAL ADVISER FOR ENTREPRENEURSHIP SECRETARY JOEY CONCEPCION**
**March 27, 2020 (11:08 A.M.-12:27 PM)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang raw Luzon, Visayas at Mindanao. Ako po si Secretary Martin Andanar.

**USEC. IGNACIO:** At ako naman po si PCOO Undersecretary Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Bilang pagpapatupad sa ating mandato na maghatid ng mahahalagang balita at impormasyon sa ating mga kababayan, binuo ng buong puwersa ng PCOO ang programang ito upang magsilbing plataporma para sa mahalagang usapin tungkol sa patuloy nating paglaban sa banta ng COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Ang programang ito ang magbibigay-daan para po mailahad ang mga mahahalagang katanungan ng mga kasama nating media at mga mamamahayag na agad naman pong sasagutin ng ating mga kawani ng pamahalaan.

**SEC. ANDANAR:** Samahan ninyo po kami sa isa na namang makabuluhang talakayan ngayong araw dito sa Public Briefing #LagingHandaPH. Mula naman sa iba't ibang sangay ng PCOO, makakasama rin po natin sa pagbibigay ng pinakahuling ulat sina Alexa Tinsay ng Philippine Information Agency, Czarinah Lusuegro ng Philippine Broadcasting Service, Clodet Loreto mula sa PTV-Davao, Daniel De Guzman mula sa PTV-Cordillera at Correspondent Naomi Tiburcio mula po naman sa Ninoy Aquino International Airport. Makakasama din po natin via phone patch si John Aroa mula sa Sugbo. Maayong buntag diha.

**USEC. IGNACIO:** At upang sumagot sa mga tanong ng bayan, mamaya po ay makakausap natin sina DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire, DepEd Undersecretary Annalyn Sevilla at Presidential Adviser for Entrepreneurship Secretary Joe Concepcion.

Narito po ang update kaugnay sa bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa buong bansa base po sa tala ng DOH: As of 4 PM, March 26, 2020: Umabot na po sa 707 ang bilang ng mga kumpirmadong nagpositibo sa COVID-19, 45 n mga namatay na po at habang 28 ang bilang ng mga naka-recover sa COVID-19.

Samantala, sa datos naman ng John Hopkins Coronavirus Resource Center as of 7:00 Am ngayong araw, March 27, 2020: Pumalo na po sa 529,591 ang bilang ng COVID-19 confirmed

cases sa buong mundo. Aabot naman sa 23,970 ang bilang ng mga nasawi habang nasa 122,115 naman po ang dame ng naka-recover sa COVID-19.

**SEC. ANDANAR:** Base pa rin po sa kanilang tala as of 7 A.M., March 27, 20202, nasa 175 na ang dami ng mga apektadong bansa at rehiyon sa buong mundo, kung saan sa United States na po ang nangunguna na may pinakamaraming naitalang kumpirmadong kaso ng COVID-19 na aabot sa 83,836 cases; sumunod po dito ang China na may 81,782 cases; pumangatlo naman nag Italy na may 80,589 cases at nasa ika-apat na puwesto naman po ang Espanya na may naitalang 57,786 cases; Sinundan po ito ng Germany with 43,938 cases.

**USEC. IGNACIO:** Nasa ika-anim naman po ang France with 29,551 cases; pampito naman po ang Iran na may 29,406 cases; pang-walo ang United Kingdom with 11,82 cases; ika-siyam na puwesto ang Switzerland na may 11, 811 at pang-sampu naman ang South Korea na may 9,241 positive COVID-19 cases.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, nasa 43rd o ika-apatnapu't tatlong puwesto naman ang Pilipinas; sinundan ito ng Singapore na may 683 cases. Kaya naman patuloy po ang mahigpit naming panawagan para sa ibayong pag-iingat ng lahat. Panatilihin po natin ang kalinisan, ugaliin ang tamang paghuhugas ng kamay, huwag kakalimutan ang social or physical distancing at para po sa kaligtasan ng bawat isa, hangga't maari huwag na po tayong lumabas ng bahay. We stay at work for you – sabi nga ng ating mga kasamahang mga nurse at doctor – so please stay at home for us.

**USEC. IGNACIO:** At bilang pagtugon po sa mga katanungan ng ating mga kababayan, Nagtalaga na po ang DOH ng COVID-19 hotline. Sa pamamagitan po ng linyang ito, maaari po kayong kumonsulta kung may nararamdaman po kayong mga sintomas ng COVID-19 o humingi po ng assistance sakaling may kakilalang na-expose sa confirmed cases or patient under investigation, huwag po kayong mag-atubiling tumawag sa 02-894-26843; para naman po sa PLDT, Smart, sun at TNT subscribers, maaari ninyo pong i-dial ang 1555, bukas po ito para sa lahat.

**SEC. ANDANAR:** Sa gitna ng banta ng COVID-19, isa rin po sa matinding kalaban natin ang patuloy na pagkalat ng fake news. Marami pong maling impormasyon ang nagkalat lalo pa sa internet tulad na lamang po nito: Ayon sa isang mensaheng kumakalat, mag a-anunsyo raw ang Malacañang ng nationwide lockdown next week. Sa puntong ito nililinaw po natin sa lahat na ito ay isang fake news. Mahigpit po naming ipinapalala na iwasan po ang pagpapakalat o pag-share ng fake news. Upang hindi mabiktima, ugaliin po nating mag-fact check at siguruhin na credible ang inyong sources.

Samantala upang manatiling updated sa kaugnay na COVID-19 crisis, magpunta lang po sa aming official social media account na LagingHandaPH, i-like at i-follow ninyo po kami sa official Facebook, Twitter, Instagram at YouTube accounts.

**USEC. IGNACIO:** Samantala kaugnay po sa Enhanced Community Quarantine umapela po si Senator Bong Go sa mga privately owned banks, quasi-banks, credit and lending facilities at iba pang financial institutions na huwag taasan ang loan interest habang po ipinatutupad ang

Enhanced Community Quarantine. Hinikayat din po ni Senator Bong Go na bigyan ng palugit ang mga may existing loans. Ayon sa senador, ngayong nahaharap sa krisis ang bansa, ang bawat isa po ay dapat na magsakripisyo para sa ikabubuti ng lahat. Ang pagtutulungan ng gobyerno at public sectors ay kinakailngan upang malabanan ang banta ng COVID-19. Hinihingi rin po niya ang tulong at kooperasyon ng bawat isa. Dagdag pa ni Senator Go, ngayon po ang panahon na kinakailangan nating magbayanihan, tulungan nating bumangon ang bawat Pilipino bilang isang nagkakaisang bansa. Together we can heal as one.

**SEC. ANDANAR:** Oras po natin, alas 11:17 ng umaga. Para naman magbigay sa atin ng latest update para po sa PTV Correspondent Naomi Tiburcio mula sa Ninoy Aquino International Airport. Naomi?

[NEWS REPORTING]

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat, Naomi Tiburcio live po naman sa Ninoy Aquino International Airport. Ngayon po naman... Usec. Rocky?

**USEC. IGNACIO:** Salamat Secretary. Isa po ang pag-aaral ng mga estudyante na lubha pong apektado ng kasalukuyang umiiral na enhanced community quarantine, at upang alamin po ang iba pang impormasyon kaugnay riyan, makakausap po natin si DepEd Undersecretary Annalyn Sevilla. Magandang araw po, Usec.?

**USEC. SEVILLA:** Opo, magandang umaga po sa inyong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Mamaya po ay aalamin natin ang ibang mga katanungan ng ating mga kasama sa media tungkol pa rin po sa ginagawang pag-aaral kung papaano po maipagpapatuloy ng ating mga mag-aaral iyong kanilang pag-aaral pa rin sa gitna pa rin ng enhanced community quarantine. Secretary Martin?

**SEC. ANDANAR:** Thank you, Usec. Rocky. Samantala, pasok na po tayo sa ating susunod na segment, marami po ang nagtatanong para sa ating DepEd: Magkakaroon pa rin ba ng moving-up at graduation rites? Kailan po ito inaasahan na idadaos ng mga eskuwelahan? Anu-ano po iyong mga guidelines ng DepEd? Undersecretary, magandang umaga po sa inyo.

**USEC. SEVILLA:** Magandang umaga, Secretary Andanar at sa mga nakikinig at nanunood. Early as March 15 ay nag-issue na po tayo ng guidelines kung ano po ang kailangan nating gawin. At matatapos na po ang ating school year … actually po ay binigyan na natin ng instruction ang ating mga guro na gamitin ang mga grado na atin pong nakuha from first quarter up to third quarter at iyon pong mga nagawa na ng mga estudyante ng fourth quarter.

And graduation naman din po ay nagbigay na tayo ng guidelines, depende po sa ating sitwasyon at nakikita naman po natin na talagang kailangan natin itong community quarantine at tayo po ay nakikipag-cooperate dito. So ang atin pong graduation ay hindi po natin itinuloy as scheduled na April 3. Ito po ay na-move depende sa magiging sitwasyon natin. At binigay na rin po natin sa ating mga school division superintendent ang pakikipag-ugnayan sa mga magulang through the Parent-Teacher Association. Sila po ay magko-konsulta depende po sa magiging lagay ng ating

sitwasyon, ang ating public health situation, ay puwede po nila itong i-reschedule or puwede rin ho na hindi na ituloy o i-forego. Ito po ay kailangan pong ikonsulta natin sa mga magulang.

**SEC. ANDANAR:** Undersecretary Sevilla, ma'am, sakaling mangangailangan po ang pamahalaan ng karagdagang pasilidad para sa mga maapektuhan ng COVID-19, puwede po bang gamitin ang ating mga eskuwelahan, ang ating mga silid-aralan?

**USEC. SEVILLA:** Secretary Andanar, ang DepEd po ay fully supporting and we are cooperating as a whole government approach. At ito po ay atin pong binibigyan ng suporta sa ating IATF. So mayroon na pong DILG memorandum at mayroon din pong mga requirements ang ating Department of Health. Ang atin pong gagawin ngayon ay nagbigay na ang Secretary natin ng guidance sa ating mga regional directors.

Kahapon lamang ay nagkaroon kami nang malawakan na management committee meeting. Kami po ay susuporta kung ito po ay makikita na solusyon o paraan. Mayroon lang ho tayong terms and condition na dapat pong sundin: Una po, dapat po iyong ating local government unit ay makipagkonsulta at makipag-coordinate sa ating mga regional directors at ating mga superintendent para po mapatunayan natin na wala na pong iba pang mga lugar na puwede pong magamit. At kung sakali pong eskuwelahan ang mapipili, may mga regulasyon po tayo or mga condition na ito naman ay naaayon sa Department of Health requirements kagaya po ng magkaroon ng magiging pamamahala ng ating DOH municipal health officer or city health officer and provincial health officer kasi sila po ang magsasabi na angkop at tama iyong ilalagay po na mga equipment dito. At siyempre po, bilang Department of Education, amin din pong puproteksyunan ang ating mga mag-aaral at mga guro at siyempre iyong komunidad na malapit po dito. At lalagyan din po natin ito ng mga terms and condition na after pong magamit ay atin naman pong sisiguraduhin na ito po ay safe and secured na magamit ulit bilang pag-aaral.

**SEC. ANDANAR:** Usec., mayroon lang po tayong lilinawin na isyu. Kasi po kung ang isang bata o ang isang estudyante ng isang probinsiya, halimbawa, at iyong kaniyang eskuwelahan ay doon mismo sa probinsiya. Let's say, for example, Ilocos, at gusto niyang umuwi ng kaniyang bahay mula sa kaniyang dorm. Pinapahintulutan po iyong bata na umuwi as long as within the province po siya nakatira at mayroon pa siyang makukuhang pass galing sa eskuwelahan or doon sa kanilang principal. Pero papaano po kung iyong isang estudyante ng, say, Ilocos, ay gustong umuwi ng Maynila at siya rin po ay—well, Luzon pa rin naman iyan, ma'am. Papaano po siya makakauwi kahit makakuha siya ng isang pass o isang letter galing sa eskuwelahan kung wala namang masakyan? Ano ho ba talaga iyong ating panuntunan dito sa DepEd? Pakipaliwanag lang po, Undersecretary Annalyn ma'am.

**USEC. SEVILLA:** Secretary, mayroon po kaming COVID Task Force so nasa central office ang amin pong policy making body. Mayroon na ho kaming guidelines na ibinigay at ito po ay nakababa na po sa region, division at eskuwelahan.

Right now po sa sa aming monitoring, wala ho kaming bata na …ibig sabihin ay na-displace or hindi po nandoon sa sarili nilang mga lugar – based on our monitoring from Kinder to Grade 12 ay na-monitor po ng ating mga guro ang kanilang mga estudyante. So maaaring baka po ay nasa college level or tertiary po iyong ating estudyante na nagtatanong.

Ganoon pa man, kung mayroon pa pong hindi nakita sa aming monitoring, maaari po silang pumunta sa eskuwelahan at mayroon po kaming mga numbers per division, per region at dito po sa central office, at amin po itong gagawin na coordination. Para po—sa Inter-Agency Task Force ay very active po ang ating Department of Education through our Secretary. Lagi po kaming tinutulungan ng DILG, DOH at ng mga Local Government Units. At gagawin po natin na, una, siguraduhin na malusog, ligtas; pangalawa, ay atin po silang sasamahan at ihahatid point-to-point. Actually, nangyari ito, Secretary Andanar, noong tayo ay nagkaroon ng malawakan na event, iyong National Festival of Talent. Lahat po ng bata na sumali dito ay amin pong siniguro na nakauwi sa kanilang mga bahay at kami po ay gumawa ng precautionary home quarantine measures. Iyong iba nga po ay, through the Local Government Unit, inilagay din po sa isang quarantine area at amin pong sinunod iyong 14-day. At bago po nakabalik iyong mga bata at mga guro sa kanilang mga bahay ay siniguro namin na sila po ay ligtas at malusog.

**SEC. ANDANAR:** All right. So linawin po natin, Usec. Sevilla, ma'am: Kung ikaw po ay isa sa year 11 or year 12 na estudyante at ikaw ay nag-aaral halimbawa sa Tarlac, nag-aaral sa Pampanga, gusto mong umuwi dahil ang magulang po ay nasa Maynila, ang gagawin lang po ng isang bata na nasa year 11 or year 12 o kung anumang year iyan ay kausapin po iyong DepEd doon po sa region kung nasaan siya para siya ay mahahatid point-to-point. Iyon po ba, ma'am, malinaw po ba iyon?

**USEC. SEVILLA:** Opo. At mayroon po kaming communication line or communication channel. Iyon pong kaniyang guro ay alam po kung ano number ng kanyang principal at iyong principal naman po ay may number na po ng aming COVID Task Force. Amin po silang tutulungan na sila po ay makabalik sa kanilang bahay.

**SEC. ANDANAR:** All right. Isa po sa tinitingnan ng DepEd ay ang paggamit ng online platform next year, itong internet. Paano po ba ang nakikitang sistema ng DepEd dito? Gaano naman po ba ito ka-epektibo, Undersecretary?

**USEC. SEVILLA:** Ngayon po ay ating nasubukan itong ating tinatawag na DepEd commons. Sinuman po na mayroong internet connection lalo na po iyong mga nasa bahay ngayon, atin po kayong hinihikayat na gamitin ang DepEd Commons. Makikita ninyo po ito pagka-type ninyo po sa inyong browser ng commons.deped.gov.ph. At ito po ay makikita ninyo rito iyong mga leksyon at mga exercises or reviewer na ginawan po natin ng "gamification", ibig sabihin, parang laro sa mga bata.

At ako po mismo ay sumubok nito, at makikita ninyo na iyong mga leksyon ng mga bata ay tuluy-tuloy na nagagamit. Alam po natin na may mga limitasyon ito dahil iyong internet connection ay isang requirement. Pero puwede din po itong i-download. Pagkatapos ninyo pong maka-connect, i-download at pagkatapos ay puwede pong gamitin ng bata sa kanyang bahay kung wala na siyang internet connection. Amin pong ginagawan ng paraan at naghahanda na po kami dahil sa mga panahong ganito, we have to be sure that education continues. At ito pong DepEd Commons na ginagamit namin para sa mga guro at mga mag-aaral namin ay nakita nating epektibo, at ito po ay gagawin natin hanggang sa maging normal o maging regular ang ating operasyon para po gawan din natin ng paraan para iyong iba po na walang internet connection ay makakagamit nito through offline operation.

**USEC IGNACIO:** Okay. Nagpadala rin po ng tanong ang ating kasamahan sa media na si Joseph Morong ng GMA7: Yesterday, Secretary Martin said, students, iyong sa mga nagdo-dorm po may be allowed to go home to their provinces, if sa Luzon po ito. Magdala lang daw po ng certificate from school and municipality or city na ipapakita po sa checkpoint. Paano po ang protocol dito? Naka-cascade daw po ba ito sa PNP or sa IATF or sa Inter-Agency?

**USEC. SEVILLA:** Tama, Usec. Rocky, mayroon na po tayong protocol or guideline na atin pong ibinigay sa atin pong mga superintendent, school heads at mga teacher. Mayroon din po kaming COVID Task Force na gumagana, at kanila lang pong ipagbigay-alam ang kanilang pangangailangan. Right now, we are monitoring all the situation in terms of the students and the teachers, especially po iyong pag-submit ng kanilang mga requirements sa pagtatapos at iyong iba pong mga requirement. Kagaya nito iyong pagbabalik ng mga bata sa kanilang mga bahay, sa kanilang komunidad ay amin pong ginagawan ng paraan, ng coordination.

At tama rin po kayo na ang PNP through the DILG is really helping us; pati po ang DOH is very helpful. We have been coordinating closely. At right now, sa coordination and monitoring report po namin, kaka-report lang po ng mga regional directors namin kahapon at wala po kaming nakikita na pangangailangan. So iyon pong … through Joseph Morong, maybe they can give the child or the student, kaniya pong kontakin ang any of the teachers, and the teachers can contact the school head or the principal para po mapuntahan namin at ma-coordinate sa proper authorities.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Mula pa rin po kay Joseph Morong: Ano daw po iyong ruling tungkol sa pag-aaral ng mga bata, iyong sa kanilang grades?

**USEC. SEVILLA:** Sorry, Usec., naputol.

**USEC. IGNACIO:** Siguro po ang ibig sabihin ni Joseph Morong dito, papaano ninyo bibigyan ng grado ang mga batang mag-aral ngayon since nagkaroon ngCOVID-19, nagkaroon ng epekto sa kanilang dapat ay pagpasok araw-araw sa paaralan.

**USEC. SEVILLA:** As early as March 15, Usec. Rocky, nagkaroon na tayo ng polisiya na atin na pong kokompyutin ang grado ng mga bata from first quarter to third quarter at lahat po ng kanyang mga na-accomplish ng fourth quarter except for the final exam. So, mayroon na po kaming binigay na transmutation or ibig sabihin ay equivalent na grado ng mga bata hanggang kung saan niya natapos iyong kanyang accomplishment.

So lahat po ng ating mga bata ngayon ay may computation na mga grado na, ito po ang ginagawa ngayon ng mga guro. So hindi po sila talaga nakabakasyon at sila po ay tumutulong sa ating ‘stay at home policy’, nasa bahay po sila pero tuluy-tuloy po na kino-compute ang mga grado ng mga bata. Isina-submit din po iyan sa amin online. At alam na po natin iyong mga batang magsisipagtapos at iyong mangangailangan ng mga enhancement or reviewer pa. So just in case, after natin ma-compute ay mayroon pang pangangailangan, bibigyan din po natin sila ng pagkakataon. In fact, we have the remedial class or we have the … we call it summer program. But siyempre mauurong na po ito at maa-adjust iyong scheduling. Bibigyan po natin ng

notification ang mga bata na sila po ay nakapasa at tapos na, at mayroon din pong ibibigay na enhancement or remedial classes sa mga batang mangangailangan pa.

**USEC IGNACIO:** Opo. Para naman po bigyang daan ang mga katanungang nakalap naman po ng Philippine Information Agency. Usec, para sa DepEd pa rin, narito po muli si Alexa Tinsay.

**ALEXA TINSAY:** Secretary Martin, Usec. Rocky, Usec. Sevilla magandang umaga po. Tamang-tama mayroon po tayong VTR question na related po sa pinag-usapan kanina, tungkol po ito sa school building facilities. Tunghayan po natin itong VTR question mula kay Provincial Governor Edwin Ongchuan ng Northern Samar.

**GOV. ONGCHUAN:** Ina-address ko po ang katanungan ko kay Secretary Leonor Briones. Madam Secretary, magandang umaga po. Request lang po sana namin kung payagan po ng DepEd na magamit po ang mga school building facilities para po, as isolation room ng aming patients under investigation dahil ang capacity po ng aming Provincial Hospital is around nine (9) PUIs lang po, at sa aming estimate ay madadagdagan po ito sa susunod na mga araw? Salamat po.

**USEC. SEVILLA:** Yes, Governor, mayroon na pong ibinigay na policy guidelines ang atin pong Secretary. Kahapon po ay nakipag-meeting tayo sa mga regional directors at ito po (GARBLED)

**USEC. ROCKY:** Okay, maraming salamat Alexa Tinsay ng PIA. Babalikan ka po namin mamaya. USec. Annalyn, kayo po ba ay may mensahe pa rin sa ating mga kababayan, especially doon sa mga nanay na nag-aalala pa rin sa pag-aaral ng kanilang mga anak dahil pa rin sa epekto ng COVID-19?

**USEC. SEVILLA:** Ito po ay pagkakataon na atin pong dapat na i-take advantage lalo po sa mga magulang. Ang eskwelahan po ay sarado ngayon pero ang pag-aaral po ay hindi nakasalalay sa four corners or four walls of the classroom. Atin pong gamitin ang pagkakataon na ito na ang mga bata ay tuloy-tuloy na nakakapag-aral, ibig sabihin, nagkakaroon ng kaalaman.

Ang edukasyon po ngayon ay hindi lamang din po sa libro nakasalalay. Kailangan po alam ng bata ngayon iyong apat na competencies or apat na ‘C’ ng ating 21st century – at ito po ang communication, collaboration, ang atin pong coordination. Lahat po ito ay puwede nating gawin sa loob ng ating bahay, hindi lang po sa paaralan. Marami rin pong dapat na mapag-aralan ng mga bata kasama po ang mga magulang, ang community.

At isa rin po sa dapat po na atin pong ibigay sa mga mag-aaral ngayon ay ang pagmamahal sa bayan. Atin pong ituro sa kanila kung paano po bilang bata ay mayroon din po silang role or responsibility sa atin pong problemang kinakaharap ngayon.

Marami pong salamat.

**USEC. ROCKY:** Okay. Maraming salamat po, USec. Annalyn Sevilla ng DepEd. Sa bahagi pong ito, puntahan naman natin ang ating kasamahan na si Clodet Loreto live mula po sa PTV-Davao.

[NEWS REPORTING BY CLODET LORETO]

**USEC. ROCKY:** Maraming salamat, Clodet Loreto mula sa Davao.

**SEC. ANDANAR:** Para po naman alamin ang latest updated ng DOH, makakapanayam po natin si DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire. Magandang umaga po sa inyo, maám!

**USEC. VERGEIRE:** Good morning, sir!

**SEC. ANDANAR:** Ano po ang latest update natin sa COVID-19 in terms of pag-increase ng mga apektado po, iyon pong mga na-infect nitong COVID-19?

**USEC. VERGEIRE:** Sa ngayon po ang ating datos ay katulad pa rin ng datos natin kahapon. We have 707 cases of COVID-19 positive; mayroon pong 28 na naka-recover at 45 po ang namatay. Mayroon ho tayo ngayong bagong protocol kung saan tuwing alas-kuwatro na lang po ng hapon namin inilalabas ang mga bagong datos para po hindi naguguluhan ang ating mga kababayan sa mga numero.

**SEC. ANDANAR:** Alright. Maganda po iyan, ma'am. Isa ho sa mga talagang itinatanong ng ating mga kababayan, ito pong mga test kits because they understand na mayroon ng a hundred thousand test kits coming from the People's Republic of China, mayroon din pong mga test kits na ini-import po ng DOH, mayroon din pong mga test kits pa na nai-donate po sa atin. Tuloy-tuloy na po ba iyong pamamahagi ng test kits doon sa mga testing centers po ng DOH?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Actually, naipalabas na ho natin ang tig-lilimang libong test ang ating mga sub-national laboratories. Makakarating na po iyan sa kanila ngayong araw o baka bukas doon sa mga malalayo. Five thousand testing kits each for SPMC, for Vicente Sotto, for San Lazaro Hospital, for Baguio General Hospital and for the Lung Center of the Philippines.

Ngayon po, mayroon na po tayong mga ina-assess din na mga pribadong laboratoryo na maaaring makatulong sa atin and hopefully makapagbukas po sila in the coming days – very, very soon. Mayroon din ho tayong almost thirty na po na mga laboratoryo na nagpadala na sa atin ng—nag-signify ng kanilang interes na maging kasama sa extension laboratories. So, isa-isa ho nating ia-assess- iyan para lumawak pa ho ang mga laboratoryong maaaring gumawa ng test na ito sa ating bansa.

**SEC. ANDANAR:** Ulitin po natin, USec. Gaano po katagal ang testing? Ilang araw po ang hihintayin ng isang pasyente para malaman kung siya ba ay positive or negative?

**USEC. VERGEIRE:** Sa ngayon po, sir, ang standard processing time natin is really twenty-four to forty-eight hours. Pero sa ngayon po dito sa ating Research Institute for Tropical Medicine, tumatagal po tayo ng lima hanggang pitong araw dahil nga po doon sa nangyaring mga backlog.

Pero ang kanilang commitment, nakausap po natin sila kanina, na matatapos na ho lahat ng backlog in two to three days and pagkatapos po noon, we will have a real time result already na sinasabi nga nating twenty-four to forty-eight hours. Doon naman ho sa ibang sub-national laboratories natin, nagmi-meeting nga po kami ngayon through teleconference, nakapagsabi na po sila so, nag-a-average po ang ating mga sub-national laboratories ng twenty-four to forty-eight hours din na processing time.

**SEC. ANDANAR:** Alright. Para po doon sa mga kababayan nating mayroon pong sintomas, may ubo, may sipon. Ano po iyong qualification para sila po ay ma-testing ng lima sa mga binanggit ninyo po na government testing areas? Ano po iyong qualifications, ma'am at sino po ang magbibigay ng pahintulot o go signal na, O, itong si 'Patient A' puwede na itong i-testing, puwede na itong gamitan ng testing kit?

**USEC. VERGEIRE:** Iyon pa rin ho ang protocol natin. Ang protocol natin ay naipakalat na natin sa lahat ng ating mga ospital, both public and private at ito po ang kanilang mgasinusunod: Ang lahat po ng ite-test ay iyon pong ating mga patient under investigation ngayon na mayroong mga severe symptoms sa COVID-19 at saka iyon pong mga ating mga nakakatanda, iyong ating may underlying conditions o kaya high-risk pregnant na may mild symptoms or walang sintomas.

**SEC. ANDANAR:** Para po sa mga nais mag-volunteer, ano po ang guidelines at qualifications at saan po sila maaaring magpunta, Undersecretary Vergeire?

**USEC. VERGEIRE:** We have already launched our volunteer program kung saan dito po sa ating inila-launch na ito, humihikayat po tayo ng mga medical professionals para po makatulong sa ating pag-responde dito sa COVID-19 situation. Mayroon na ho tayong nai-post sa ating website kung paano po ang gagawin nila at ano po ang ating mga kailangan.

Dito po nakasaad kung ano po iyong mga kailangang propesyon, ano po iyong mga ospital na pupuntahan natin, kasi ito primarily po – para doon sa ating mga referral hospitals – kumukuha rin ho tayo ngayon ng volunteers para naman po doon sa ating community quarantine facilities katulad po ng Quezon Institute na bubuksan na ho natin soon para sa mga mild and asymptomatic cases.

So, nakalagay po lahat ng detalye diyan sa aming website, they just need to go to DOH website and they will find the details already.

**SEC. ANDANAR:** At para po naman doon sa mga non-profit organizations at iba pang mga LGUs na nag-aapura sa DOH na aprubahan na itong kanilang mga test kits, ipaliwanag po natin ulit ma'am, kung bakit hindi po ganoon kadali mag-approve ng isang testing kit o mag-approve ng isang testing laboratory o testing facility? Paki-explain lang ho ulit, ma'am, para maintindihan po nila?

**USEC. VERGEIRE:** Yes sir, thank you for that 'no. So unang-una po, sa testing kits, ito po ay dumadaan sa ating Food and Drug Administration. Ang testing kits po natin ay kailangang i-

evaluate pa ng ating regulatory agency para tayo ay makasigurado na ito ay magbibigay ng accurate na results, ito ay epektibo para sa ating mga ginagawang test.

Ang problema po kapag hindi po iyan registered ng Food and Drug Administration, hindi po iyan dumaan doon sa masusing pag-aaral, maaari pong magbigay iyan sa atin ng false negative or false positive result na maaaring ikapahamak ng tao na gumamit o maaaring ikapahamak ng komunidad. Dahil kapag false negative, pinauwi sa kanilang mga pamilya, maaaring magkalat, iyon pala positive after a few days. So maingat na maingat po ang Kagawaran pati ang Food and Drug Administration sa pagsasagawa ng pagsi-certify po dito po sa mga testing kits natin.

Iyong pangalawa naman po, ang laboratory, napakaimportante po. Tandaan po nating lahat, lahat po ng testing kits which are available for use and registered by FDA, sa laboratoryo lang po na capable ginagawa iyan. Hindi po iyan ginagawa sa maliliit na laboratoryo; hindi rin po ginagawa sa bahay. So kailangan pa rin natin ng ospital na may laboratoryo na maayos at capable.

So bakit po natin nire-regulate ang mga laboratories? Kasi po, itong ating proseso for COVID-19 is very risky. It has bio-safety risk. At ang ginagawa po natin dito, mayroon tayong dalang live virus. So lahat po ng specimens na kinukolekta sa inyo o sa ibang tao diyan sa ating mga collection units, iyon po ay live virus na nakalagay sa transport medium. Ang problema po natin diyan, kung wala po tayong measures or regulatory measures para siguraduhin na maayos ang laboratoryo at may kakayanan, maaari pong mag-umpisa ng epidemiya diyan sa laboratoryo na iyan at kumalat sa ating komunidad dahil wala nga po silang capability to do the testing.

Kaya gusto lang ho natin na masigurado natin ang pagproseso ng kanilang mga requirements. Dapat mayroon ho silang ng mga measures natin para po dito sa ating laboratoryo na kailangan na ito para po maiwasan natin na magkasakit ang ating mga kababayan dulot nang hindi maayos napag-handle nitong virus na ito.

**SEC. ANDANAR:** Last question na lang po, Usec. Vergeire. Para po naman doon sa mga private hospitals na nababasa natin sa social media, sa mga mensahe na pinapadala sa atin – kulang iyong kanilang PPEs, kulang iyong kanilang mga face masks. Ano po ba ang tulong na puwedeng ibigay o naibigay na ng DOH sa mga private hospitals: Ano po ba iyong mechanism; Ano po ba iyong sistema? Pakipaliwanag lang po, ma'am, para magkaroon ng assurance ang publiko.

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Ang amin pong ginagawang pagtulong ngayon ay hindi lang po sa public sector or mga gobyerno na ospital. Aming tinutulungan din, sinusubukang tulungan ang ating private sector. So lahat po ng mga ospital all over the country, nagpapadala po sila sa amin ng mga requests para sa PPEs at sa iba pang suporta. At kami naman ay tinitingnan natin ang ating inventories, ang ating mga stocks kung paano po natin maia-allocate rationally, ma-distribute nang maayos po sa lahat po ng ating mga facilities para lahat magkaroon.

We are now on that mode na nagpa-prioritize po tayo sa kadahilanang hindi pa po sufficient lahat ng mayroon tayong inventories dito sa ating kagawaran para matugunan natin lahat ng pangangailangan ng mga ospital. But rest assured, kasama po ang private sector sa mga tinutulungan ng ating gobyerno. Wala na ho tayong private, wala na hong tayong public – isa po

tayong buong sistema at sinusubukan ng Kagawaran na tugunan lahat ng pangangailangan nitong sistema natin na mayroon tayo ngayon.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat sa inyong panahon, Usec. Vergeire. And please remain strong and healthy ma'am, we need you. Thank you po.

Samantala, upang bigyang daan naman ang mga katanungang nakalap ng Philippine Information Agency—para sa DOH, o mayroon pa pala tayong question for DOH. Muli po nating makakasama si Alexa Tinsay.

**ALEXA TINSAY:** Magandang umaga po muli. Mayroon po tayong dalawang tanong on video para po sa DOH. Ang unang tanong ay mula kay Mark Kevin Nugas, ang SK Chairman ng Sta. Maria, Zamboanga Ciry.

**SK CHAIRMAN NUGAS:** May mga testing kits na ho ba tayo sa Pilipinas, kung mayroon po, kailan po kaya magkakaroon ang Zamboanga City o ang Region IX? Pangalawang tanong po: Kayo bilang nasa government, national government, paano ninyo po kaya kami matutulungan para maging effective and efficient ang aming implementation para labanan ang COVID-19?

**SEC. ANDANAR:** If I hear it correctly, may testing kits pa ba or na ba ang ating DOH para maipadala doon sa probinsiya nila sir. Nabanggit na nga po ni Undersecretary Vergeire na mayroon pong around 25,000 na distributed na po dito sa limang testing centers ng DOH. I'm sure marami pa po dahil mayroong hundred thousand na binigay ang People's Republic of China at makakarating iyan sa inyo diyan po sa Western Mindanao. Samantala, tayo ay nagpapasalamat din kay Alexia Tinsay sa kaniyang mga katanungan at dito sa Philippine Information Agency. Usec. Rocky?

**USEC. ROCKY:** Mayroon pong panawagan ang office po ni Cabinet Secretary Karlo Nograles sa ating mga kababayan. Pinapabulaanan po natin iyong mga balita na magkakaroon daw po ng pagsasarado ng bangko, palengke (unclear) turnover sa military – wala pong katotohanan iyan. Ang sabi po dito—Secretary, kasi Viniber tayo ni Asec. Silton(?), sinabi niya na, "No closure of banks, no closure of markets, no turnover of enhanced community quarantine to military. Huwag po kayong maniniwala sa mga ganitong bali-balita."

Ngayon po ay upang malaman naman ang kasalukuyang pinagdadaanan ng isa sa ating mga frontliners, makakausap po natin via phone patch si Police Captain Grace Shella Mae Sangrines ng Iloilo City Police Office. Magandang araw po sa inyo. Kumusta na po ang kalagayan ninyo diyan sa Iloilo City, ma'am?

**PCPT. SANGRINES:** Usec. Ignacio po, in behalf po sa aming butihing mayor ng Iloilo City, Mayor Jerry Treñas po na napakasipag at halos walang pahinga na po sa laban kontra COVID-19; at of course po sa aming Regional Director Police Brig. Gen. Rene Pamuspusan; at sa ating napakasipag din pong City Director na personally po ay nagsu-supervise ng mga kapulisan dito sa—nakapuwesto natin, mga naka-deploy nating mga personnel on the ground, Police Col. Eric Dampal. Well, nakikita ninyo naman po, in high spirit po kaming lahat kasi napakaganda pong

pagtutulungan ng LGU - ng local government, ng mga stakeholders, ng mga kasamahan po nating mga frontliners dito sa Iloilo City, kasama na din po ang mga barangay officials natin po.

**USEC. IGNACIO:** Pero kumusta po iyong mga mamamayan natin? Hindi ba kayo nahihirapang magpatupad ng community quarantine sa inyong mga lugar? Sumusunod po ba sila sa patakaran ng checkpoints? Ano ba iyong nagiging kadalasang problema ninyo diyan?

**PCPT. SANGRINES:** Well, to note po, wala pa po kaming confirmed case. Naging abanse na po iyong pag-place ng aming butihing mayor, Mayor Jerry Treñas, sa buong siyudad ng Iloilo sa enhanced community quarantine or lockdown. At kasunod nga noon, ay agad naman natin sa hanay po ng kapulisan dito sa Iloilo City Police Office sa Iloilo City, agad naman po nating ipinatupad ang curfew at social distancing na kung saan po ay iyon po ang pinaka-major provision or feature ng Executive Order po na pinirmahan ng ating butihing Mayor.

**PCPT SANGRINES:** Well, as regards po sa challenges, ito po ang nakikita natin dahil kabago-bago po ito, naninibago po ang karamihan sa mga Ilonggos dito kaya marami po—doble-doble po ang effort namin sa pag-hold ng public awareness at, of course, pag-ipon po sa mga violators, curfew violators dito kasi nakikita po natin iyong iba hindi pa ganoon sineseryoso, of course, ang epekto po ng pagkalat ng COVID-19 virus.

Kaya naman po kami, ito po as part of our precautionary measure or preemptive measure, kami po sa kapulisan ay tutok na tutok dito in coordination po sa mga 24/7 din na nagdu-duty din nating mga barangay officials, sa mga media dito sa siyudad ng Iloilo and of course din po sa iba pa po nating mga partners sa sangay po ng City government na kasa-kasama po natin, iniikutan po natin iyan patiently.

Dahil gusto po nating malaman nila na ito po ay isang safety concern at kailangan po ay magtulungan ang lahat dahil sabi nga natin, hindi lang kakayanin ng pulis ito, hindi lang kakayanin ng mga doctor namin dito, ng aming butihing Mayor, ng aming regional director, pero kailangan po ang cooperation ng lahat lalung-lalo na po sa ating panawagan na they have to stay home to save lives. Iyon po ang ulit-ulit naming pinagagawa, kahit na pagod na pagod na ang mga tropa, pero high morale po tayo kasi ang ating concern po dito sa Iloilo City is general welfare po, Ma'am.

**USEC. IGNACIO:** Captain, in case lang po na may ma-encounter kayo na isang residente na may lagnat, ano po iyong protocol o ginagawang patakaran ng mga police diyan sa Iloilo?

**PCPT SANGRINES:** Well, kasunod po ng pagdeklara ng ating butihing Mayor Jerry Treñas sa buong siyudad ng Iloilo sa enhanced community quarantine ay agad naman tayo, kasunod ng pagpapalabas noon, nag-set up din tayo ng mga quarantine control points natin kung saan nagkakaroon ng mga border checkpoints.

At kasama ng kapulisan doon, iyong mga ibang agency kasunod nga sa panuntunan ng joint task force COVID. So iyong police, si City of Health namin, si Bureau of Fire, kasa-kasama natin sa mga border control checkpoint. Iyong City Health po mismo natin ang nag-o-operate ng thermal

scanning. At kapag may lagnat, sila din po, may protocol po, may procedures sa hanay po ng City Health natin.

At tayo naman po, in case na iyong naka-notice o nakasagip na mayroong lagnat ang isa po sa ating mga residente dito as part of the protocol, dahil nakapag-establish po ang siyudad ng Iloilo ng operation center, command center sa city hall po mismo ay agad po nating tinatawag ang pansin at nire-refer po sa ating City Health official, sa mga doctor po natin.

So may mga kaukulang procedure po. Tayo naman po sa kapulisan ay medyo distansiya po tayo nang kaunti sa kung ano po ang gagawin sa kanila, considering na automatic, kapag may lagnat, kapag may symptoms na ganoon, ang lagi pong ina-advise sa atin ng ating mga ka-partner na mga doctor dito at ating mga health professionals from the city government at DOH ay mai-refer po kaagad sa kanila at hindi na po paalisin.

So standby lang siya. Pagkatapos, pupuntahan po iyan ng team from the City Health office, ng mga staff nila at kung paano po iyan ay mai-advise, either pinakamalapit na hospital na identified nila na doon po pinoproseso iyong mga suspected COVID patients or i-advise lang po siya for home quarantine.

**USEC. IGNACIO:** Okay, maraming salamat posa inyo at mag-ingat po kayo diyan. Salamat po.

**SEC. ANDANAR:** Oras po natin alas-dose y dos ng tanghali. Sa punto pong ito makakapanayam po natin si Presidential Adviser Joey Concepcion via VMIX. Magandang tanghali po sa inyo, Sir Joey.

**SEC. CONCEPCION:** Hi, Martin. Good afternoon.

**SEC. ANDANAR:** Sir Joey, ano po ang reaksiyon o tugon ng mga private sector kaugnay po dito sa COVID-19 crisis? Baka puwede po ninyo kaming bigyan ng preview kung ano po iyong ginagawa ng inyong grupo?

**SEC. CONCEPCION:** Sa unang pag-lockdown, siyempre after that day medyo naguluhan na at ever since, about 3 or 4 days of adjustment and the Cabinet have refined all the processes, we have a better movement of our supply chain today; we have clarified also with the LGUs. At least the President came out and said the LGUs should follow what the national government has said, follow the same rule.

So at least that area has cleared, mas madali nang gumalaw dito sa mga LGUs. The remaining issue right now that is my concern is that definitely, there is a lot of fear in many of the Filipino people especially iyong mga empleyado namin na medyo ayaw pumasok dahil baka makahawa sila. So iyon ang malaking problema namin – is to be able to reassure them.

But isang problema ngayon is the challenge of testing kits, pero ibang usapan naman iyan eh. So what we have done is we try to house them in our operations centers and we provide private transportation for them from their community to our respective center. So so far, that’s working.

Now, what is very important, what we scared of is that if the lockdown fails, then what happens next. It's very important for all our Filipino people that the next two weeks, on Saturday, I think we will end the first two weeks. The last two weeks of the lockdown should be really enforced well and every Filipino has to stay home, kailangan iyan. Kasi if we don't cooperate, then baka umulit na naman ito at ang delikado dito iyong buong ekonomiya natin talagang maapektuhan.

And right now, as we speak, many SMEs are not able to get more funding, hindi sila naman kinokolekta ng mga bangko. Pero iyong problema ngayon, iyong working capital nila nauubos dahil sa suweldo na binigay nila sa mga trabahador nila in this shutdown, so malaki ang nawala sa kanila.

Of course, being able to operate, marami sila sa retail, all sorts of business, talagang definitely from micro, small and even the medium are expected to iyong micro finance institution that lends to the SMEs, including rural banks, thrift banks, they are also having great difficulty of lending more. Because, of course, iyong fear ng mga businessman today, they hold back, they are afraid to take more risk kasi this is a phenomena that nobody has ever experienced.

So that is the challenge today. And our main objective right now is to 'how do we eventually restore confidence.' Because even after the lockdown, the challenge here is how we get people to go out and back to the malls, back to stores, back to the restaurants. That stigma will last for a while because of all the trauma and the experience that we've all gone through and seeing the number of people landing in the hospitals and dying, I'm sure that has brought a lot of confidence down, so that overtime it is very important that we really have more testing centers.

The key elements really here in warfare, what was really challenging in this virus: To win the war, you have to have vis-à-vis and I shared this to Secretary Duque and of course, our DGM-Domingo that the importance of accessibility to testing centers. The problem today and I've heard the lady talked about the issues is that right now, it's 7 or 8 days. So the other thing is, there are these rapid test kits that are out these and available.The issue is that DOH and FDA do not agree with it and maybe rightly so, they have to be more conservative. But then in the end, sometimes in warfare, you try to use what you have now eh.

If the testing centers are already running, then there is no need for this type of test kits, this rapid test kits, because they actually at the level, I have to admit is much slower –you have to have antibodies in your body to be able make these test kits work.

**SEC. CONCEPCION:** So what you can—some people do is you can test every other day. Anyway the test kit is about P300. I hope that the DOH and FDA would at least test these test kits and see whether what is real range. I think that testing is really important because testing will give us visibility and visibility—right now the numbers to me are not stated correctly. Because you see that as we test more, you're having more visibility. So these numbers that we see can go up to a thousand five hundred, two thousand, three thousand… you don't know. The more we test the more we see.

But again, these 4 weeks to me is so critical because it gives us a [choppy]. In other words, in 4 weeks, you will know if you are sick or you are not sick. So it will be very clear by then. So we

may be surprised as we get in the fourth week, there are still a lot people who are showing up sick because there was a lot of testing kits. Had we tested much earlier, then the numbers will be much, much closer. But of course, nobody else expected that this virus would come to ________ and it has surprised many of us.

In fact, I would say many underestimated that the gravity of the situation. [choppy] Now we have to move forward [choppy]. There are 6,000 PUIs and PUMs in the hospitals, why don't we give them the rapid test kit for now, test them so frequently [choppy] would be every other day and [choppy] screening process. And then hopefully [choppy] results come out 'no. So the challenge really is the speed and I would suggest that we start getting more hospitals and private clinics [choppy]. It's not very easy to set this up, you have to have nurses [choppy], you have to have the right facilities, [choppy] the machines… So that would take months 'no, months.

So I hope the new clinics that are opening up, the private sector being allowed to, we can do that immediately because assuming the lockdown will stop by April 14, then if we don't have visibility, then the risk is still going to be very high and [choppy] and then we will have another [choppy] then the economy is really going to be affected.

**SEC. ANDANAR:** Yes. Joey, kanina kausap namin si Undersecretary Vergeire. There are around 25,000 test kits already na na-distribute sa limang testing centers. I guess final words na lang kasi medyo paputol-putol po iyong ating signal Joey. Ano po ba ang maitutulong ng inyong grupo diyan po sa Go Negosyo pagdating po sa issue ng, halimbawa, ng trabaho ng ating mga kababayan? Sila ba ay—mayroon ho ba silang kasiguraduhan na pagbalik nila, may trabaho pa sila?

At number two, alam kong kayo po ay—well pagdating po food industry, mayroon po ba tayong sapat na pagkain na mabibili ng ating mga kababayan sa panahong mayroon po tayo nitong Enhanced Community Quarantine dito sa Luzon?

**SEC. CONCEPCION:** Walang problema sa supply network. Iyong problema natin ngayon is to be able to bring them back, iyong mga trabahador natin to work 'no. So far, we are managing to bring them back to work. Iyong challenge natin ngayon is what happens after—and how do we—in other words, how do we [choppy] 'no. Assuming the lockdown ends in the next two weeks, we have to bring back manufacturing. In other words, [choppy] to come back because in the end this is [choppy] we have to hire people.

Remember even [choppy] their plants, not all of them will be able to run the plants because the [choppy] for everything especially the non-essential crops 'no. Even in the Philippines, if we allow them to run, they will not be able to run. And nakikita natin ngayon sa ports, there is some kind of port congestion because many of these producers, manufacturers have not withdrawn their cargos because they have no demand and ginawa nilang parang bodega itong port ng [choppy].

So we're really trying to get all of these manufacturers [choppy]. But we really have to get our economy back assuming the lockdown is—and that we have to get the economy coming back by allowing manufacturing plants to run. We can—I don't think the malls will be able to operate

right away because iyong kumpiyansa ng mga tao na pumunta sa malls, baka wala pa iyan. It will take time to build that confidence ‘no.

So the private sector is doing all it can, but remember this is a shock to all of us. When you have something like this, everybody just falls back—

**SEC. ANDANAR:** All right. Maraming salamat po sa inyong panahon, Joey Concepcion, ang Presidential Adviser po pagdating sa ating trading, economy. Okay, mayroon po tayong message mula kay Sir Edgar Cabangon: Sir good noon po, it’s all over social media; according to them, magkakaroon daw ng lockdown lahat ng establishments for two weeks. Again, I would like to repeat, iyan po ay isang malaking fake news. Huwag po kayong maniniwala diyan sa mga balita na magkakaroon ng total lockdown in two weeks at kayo’y hinihikayat na mamili na. Huwag po kayong maniniwala, iyan po ay malaking fake news.

Diretso po kayo sa covid19.gov.ph, mayroon po doong page na nakalagay Dismiss Disinformation at press Dismiss Disinformation at makikita ninyo po lahat ng mga fake news na naglipana and please spread the word or share the page covid19.gov.ph. Rocky…

**USEC. IGNACIO:** Okay, salamat Secretary. Mayroon ding humihingi ng tulong muna, padala kay Henry Uri, kay Reggie Espiritu ng DZRH. Hihingi daw po ng tulong iyong mga taga-Muntinlupa dahil daw po sa kailangan na ng pagkain at wala daw po kasing curfew sa lugar, wala rin daw pong pinatutupad na social distancing. Si Bambi Purisima naman po ay humihingi daw po ng tulong iyong mga taga-Imus, Cavite.

Samantala, makibalita po tayo sa Cordillera. Narito po si Danielle De Guzman ng PTV Cordillera.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat sa iyo, Danielle De Guzman. Sa punto pong ito, dumako naman tayo sa pinakahuling ulat mula sa iba’t ibang lalawigan sa bansa. Mula po sa Philippine Broadcasting Service, makakasama po natin si Czarinah Lusuergo.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Czarihan Lusuergo ng Philippine Broadcasting Service.

Maraming salamat po sa mga nakapanayam natin ngayong araw. Marami na naman pong katanungan ang ating nabigyang kasagutan. Muli, salamat DepEd Undersecretary Annalyn Sevilla, DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire at Presidential Adviser Joey Concepcion.

**SEC. ANDANAR:** Pilipinas, dito nagtatapos ang ating Public Briefing ngayong araw. Para sa ating mga kababayan dito po sa bansa at sa buong mundo, asahan po ninyo na patuloy kaming maghahatid ng mahahalagang impormasyon sa ating patuloy na paglaban sa COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Ang Public Briefing po ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pangunguna po ng People's Television Network o PTV, kasama po ang Philippine Broadcasting Service at Radyo Pilipinas Network, Philippine Information Agency, Philippine News Agency, Office of Global Media Affairs, Bureau of Communications Services, National Printing Office and APO Production Unit at IBC-13, sa pakikipagtulungan po ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

**SEC. ANDANAR:** Muli, taos-puso po kaming nagpapasalamat sa lahat ng ating frontliners na walang sawa at pagod na nagseserbisyo para sa kapakanan ng mamamayan.

**USEC. IGNACIO:** Sa mga frontliners po na walang tigil sa pagtatrabaho masiguro lang ang kaligtasan ng bawat isa. Sa ating mga doktor, nurses, medical staff, mga sundalo, pulis at sa mga nagtatrabaho pa rin para lamang po mabigyan ng Pangunahing pangangailangan ang ating mga kababayan, maraming salamat po at mabuhay po kayo!

**SEC. ANDANAR:** Sa kabila ng mga hamon at pagsubok na dumarating sa ating bansa, malinaw na kung tayo ay magkakaisa, malalagpasan natin ang lahat ng ito bilang isang bansa. Basta't laging handa at sama-sama, kaya natin ito. Muli ako po si PCOO Secretary Martin Andanar.

**USEC. IGNACIO:** Lahat po tayo ay magkaisa at magtulungan para tuluyang pong masugpo ang COVID-19 sa ating bayan. Mula pa rin po sa Presidential Communications Operations Office, ako po si Undersecretary Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Magkita-kita po tayong muli dito lang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

**USEC. IGNACIO:** Public Briefing #LagingHandaPH.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)